

Mga Dapat Alamin Tungkol Sa

Liver Cancer

Prepared By
PHILIPPINE ASSOCIATION
OF HEPATO-PANCREATO-BILIARY SURGEONS
and
PHILIPPINE COLLEGE OF SURGEONS



Ang liver o atay ang pinakamalaking internal organ sa tiyan ng tao. Ito ay may nakamamanghang kakayahan na buuin muli ang sarili nito sa kabila ng pagkasira. Ngunit kapag ang mga selula ng atay ay nagsimulang magbagong-anyo at hindi mapigilan ang pagdami, nabubuo ang kanser sa atay.

1. Ano ang ginagampanan ng Atay sa katawan?

Ang atay ang pinakamalaking organ sa loob ng katawan, at napakahalagang organ sa metabolismism. Kabilang sa mga pangunahing tungkulin ng atay ang:

- Paggawa at pag-iimbak ng glucose
- Paggawa ng apdo para sa pagtunaw ng mga taba sa pagkain
- Pag-alis ng lason at alkohol para sa pagtanggap ng dumi sa katawan
- Paggawa ng mga protina, mga sustansiya sa pamumuo ng dugo, mga antibody para sa immunity at cholesterol

3. Ano-ano ang mga sanhi ng Kanser sa Atay?

Ang liver Cirrhosis ang ganap na pagkasira ng atay. May ilang sanhi ng pagkasirang ito:


- Hepatitis B Virus
- Hepatitis C Virus
- Malakas na pagkonsumo ng alak (Alcoholic Liver Disease)
- Non-alcoholic Fatty Liver Disease (NAFLD) at Non-alcoholic Steatohepatitis (NASH) na dulot ng obesity at diabetes
- Pagkonsumo ng nakalalason na pagkaing naglalaman ng mga **aflatoxin** na matatagpuan sa mga mani, mais, at butil na nabubulok na

4. Paano maiwasan ang Kanser sa Atay?

Ang sumusunod ay mga paraan ng pag-iwas sa kanser sa atay:

- Magpasuri para sa Hepatitis B
- Magpabakuna laban sa Hepatitis B
- Iwasang mahawa sa hepatitis B at C at magpagamot kung malaman na nagkaroon ka nito
- Gumamit ng condom at huwag maghiraman ng karayom ng ibang tao
- Regular na magtrabaho at magpahinga, at kumain ng mas maraming prutas at gulay at magkaroon ng healthy lifestyle
- Iwasan ang pag-abuso sa alak, mga pain reliever at droga

Karaniwang Simptomang



5. Ano-ano ang mga sintomas ng Kanser sa Atay?

Maaaring mapansin ng pasyente ang sumusunod:

- Kirod sa kanang bahagi ng itaas ng tiyan
- Mga bukol sa itaas ng tiyan
- Madilaw na balat at mga mata, makating balat:
- Kulay tsaa na ihi at mapusyaw na kulay abo na dumi
- Ascites o pagtitipon ng likido sa tiyan
- Pagkawala ng gana sa pagkain at timbang, pagkahilo at inaantok

Maaaring walang sintomas ang kanser sa atay. Karaniwang nakararanas ng sintomas kapag ADVANCED STAGE na ng sakit. Kaya't mabuti ang magpasuri habang maaga pa lalo na kung may mga RISK FACTORS na tinatawag.

Insert pull quote here or additional info of bite-size fact

Insert pull quote here or additional info of bite-size fact

Insert pull quote here or additional info of bite-size fact

Liver Cancer

3RD

LEADING CAUSE
OF CANCER DEATHS
IN THE PH

20

FILIPINOS DIE
FROM LIVER CANCER
EVERYDAY

The leading cause of Liver Cancer is
Hepatitis B, Hepatitis C and Liver Cirrhosis
(late stage scarring or fibrosis of the liver.)

OUT OF

8649

 FILIPINOS

DIAGNOSED WITH
LIVER CANCER IN 2015,

96%

 HAVE DIED
(8335)

If not prevented now, Liver Cancer can
kill 40 Filipinos per day by year 2030.

Source: [Insert source here](#)

Pagpapatingin sa iyong doktor

Magpasuri sa espesyalistang doktor sa sakit patungkol sa atay kapag mayroon ka ng mga tinatawag na RISK FACTORS o mga SANHI ng kanser sa atay. Ang iyong doktor ay maaring magpagawa ng mga pagsusuri tulad ng:

Ultrasound

Ang mga sound wave ay ginagamit upang makakuha ng litrato ng atay.

Pagsusuri ng dugo

Susuriin ang iyong dugo upang makita kung gumaganang mabuti ang iyong atay at bato.

Computed Tomography Scan (CT scan)

Ang mga kompyuter at x-ray ay ginagamit upang makakuha ng madetalyeng litrato ng atay.

Magnetic Resonance Imaging Scan (MRI)

Isang scan na may mga magnetic field at radio wave ang ginagamit upang makakuha ng madetalyeng litrato ng katawan.

Position Emission Tomography Scan (PET)

Mag-iiniksiyon ng kaunting materyal na radyo-aktibo, at ang buong katawan mo ay mai-scan upang maipakita kung nasaan ang kanser.

Biopsy

Ang isang maliit na sampol ng iyong atay ay kukunin upang suriin sa mikroskopyo.

Paggamot

Kayo ay dapat sama-samang makipagtulungan sa inyong doktor upang makagawa ng pinakamainam na plano para sa paggamot sa iyo. May iba-ibang pamamaraan ng paggamot:

Ang Loca Ablative Therapy

ay ang paggamit ng mga radio wave upang puksain ang kanser. Ito ay pupuksa sa kanser nang hindi ito tatanggalin mula sa iyong katawan.

Ang Surgical Resection ay ang pagtanggali sa kanser. Ito ay ginagawa kung ikaw ay may bagong kasisimulalamang na kanser sa atay. Ang pag-opera ay dapat gawin ng isang maninistis na may malawak na karanasan at nagsasagawa ng maraming pag-opera ng atay (hepatobiliary surgeon).

Ang Regional Therapy ay gumagamit ng init kasamang chemotherapy, o radiation therapy na direktong iniiniksiyon sa atay. Ito ay ginagamit upang pabagalin ang bilis ng paglaking kanser.

Ang Liver Transplant ay ang pagtanggali ng iyong atay at pinapalitan ng atay mula sa ibang tao na tinatawag na donor.

Para sa dagdag na kaalaman, bumisita sa social media:



pahpbsi